



GABAY NG BOTANTE SA ELEKSYONG PANGHUKUMAN

Bakit mahalaga na maisapraktika ang iyong karapatan sa pagboto sa paghalal sa hukuman?

Sinumang naninirahan sa San Francisco ay malamang na makikipagugnayan sa ating lokal na mga hukuman. Ang ating mga korte ang nagdidisyon sa mga pagtatalo sa malawak na saklaw na mga usapin kabilang na ang mga paglabag sa trapiko, maliliit na pagtatalo sa business, mga usaping pangkrimen at mga wills o ang pagsasadokumento ng kagustuhan sa hatian ng mga ari-arian kapag ang isang tao ay namatay na, trust o ang pagbibigay sa ikatlong partido ng karapatang pangasiwaan ang mga ariarian para sa benepisyo ng isang layunin o ng indibidwal, conservancy o proteksyon ng hayop, halaman o mga rekursong natural, bilang ilang mga halimbawa. Ang iyong boto ay mahalaga.

Bakit mahalaga ang isang Hukumang nagsasarili o independiente?

Ang isang hukumang independiente o nagsasarili ay mahalaga para sa isang malusog at gumaganang demokrasya. Nagsisilbi itong isa sa mga “checks and balances” na gulugod ng ating demokratikong sistema ng gubyrno na binubuo ng tatlong sangay ng pamahalaan (ang Legislative, Executive at Judicial). Ang papel ng hukuman ay mag-interpret ng mga batas na isinasagawa ng lehislatura at iwaksi ang mga batas na lumalabag sa Konstitusyon. Gumagampan din ang hukuman ng iba pang mahalagang mga tungkulin, tulad ng pagsasagawa ng matiwasyang pagareglo ng mga pagtatalo sa pagitan ng mga partido sa kontrobersiya, pagtatakda ng may sala o walang sala sa mga akusadong lumabag sa batas, at sa pangangalaga sa mga karapatan ng mga indibidwal. Upang maisakatuparan ng mahusay ang mga tungkuling ito, kailangang kumilos ang mga hukom nang walang pinapanigan at walang tinitingalang mga ispesyal na interes. Kung ang mga huwes ay nababahala sa kanilang buhay dahil sa kanilang disisyon na matibay na nakabatay sa batas ngunit maaaring hindi gaanong popular, ito ay nagpapahina sa pangingibabaw ng batas at – samakatuwid – ng mismong demokrasya.

Papaano ba hinihirang o hinahalal ang mga huwes?

Karamihan ng mga huwes sa California ay hinihirang ng Gobernador. Matapos nito, ang kanilang posisyon ay ihahalal sa eleksyon tuwing anim na taon. Kapag ang isang huwes ay kailangan ng mahalal nang muli ngunit walang sinuman ang tumakbo para sa posisyong ito (walang paghamon), siya ay patuloy na manunungkulan sa susunod na anim na taon, na kung kailan ang kaniyang posisyon ay isasalang na namang muli sa eleksyon.

Paano naiiba ang mga huwes sa ibang halal na mga opisyaales?

- Hindi tulad ng mga mambabatas na direktang responsable sa mga botante sa kanilang mga kilos pampulitika, ang mga huwes ay kinakailangang manindigang nakabukod sa partisan o may pinapanigang pulitika at nakapokus sa patas na resolusyon ng mga pagtatalo na nakapailalim sa Konstitusyon at mga batas. Mahigpit na tungkiulin ng mga huwes ang interpretasyon at aplikasyon ng batas at magsagawa ng mga disisyon batay sa mga batas at mga katotohanan nang walang pagsasaalangalang sa mga konsiderasyong pulitikal, opinyong pampubliko o mga ispesyal na interes. Habang ang batas ay kung minsan di eksakto at maaaring mag-ibaiba ang interpretasyon dito, ang mga huwes ay inaasahang gawin ang kanilang interpretasyon na may mabuting hangarin.



GABAY NG BOTANTE SA ELEKSYONG PANGHUKUMAN

— PATULOY —

Paano naiiba ang mga huwes sa ibang halal na mga opisyaless?

- Ang mga huwes ay may tungkuling gampanan ang kanilang gawain nang walang pinapanigan at ayon sa etika o moralidad.
- Hindi tulad ng isang halal na mga opisyaless o kahitpaman ang mga huwes na hinahangad ang posisyong ito, ang mga huwes ay hinihigpitan sa maaari nilang sabihin sa publiko kaugnay ng mga kasong nakabinbin. Inaasahan sa kilos at asal ng mga huwes na palagiang itinataguyod ang tiwala ng publiko sa integridad at walang pinapanigang hudikatura o hukuman.
- Ang mga huwes ay kinakailangang managot sa pamamagitan ng serye ng pagtsetsek sa kapangyarihan ng hukuman, kabilang ang:
 - **Mga apila:** kung ang isang partido sa isang kaso ay naniniwalang ang huwes ay nagkamali, maaari silang mag-apila sa mas mataas na korte.
 - **Amyendahan ang batas:** kung ang mga mamamayan ay hindi sumasangayon sa interpretasyon ng korte hinggil sa isang batas, maaari nilang ipetisyon sa lehislatura na amyendahan ang batas at mabago ang epekto nito sa hinaharap. Halimbawa, matapos pagpasiyahan ng U.S. Supreme Court na masyadong lipas o matagal na ang sex discrimination claims ni Lily Ledbetter para isampa sa Korte, ipinanukala ng Kongreso – at pinirmahan ni Presidente Obama upang maging batas – ang Lilly Ledbetter Fair Pay Act, na nagrehaba sa batas para pahintulutan ang mga discrimination claims batay sa mga pangyayaring matagaltagal nang nakalipas.
 - **Amyendahan ang Konstitusyon:** Kung hindi sumasangayon ang mamamayan sa interpretasyon ng Korte sa Konstitusyon, mayroon silang kahulihuhang kapangyarihan na amyendahan ang Konstitusyon para mabago ang epekto nito sa hinaharap. Ang Konstitusyon ng California at maging ng Estados Unidos ay kapwa naamyendahan na nang maraming beses.
 - **Magsampa ng claim sa Komisyon ng Judicial Performance:** ang mga huwes na naparatangan ng mga asal hinggil sa imoralidad ay maipapasailalim ng imbestigasyon at mga aksyong pangdisiplina, hanggang sa at kabilang ang pagkatanggal sa posisyon.
 - **Magsampa ng mosyon para hamunin ang isang huwes sa pagiging makaisang panig:** Maaaring hamunin ng mga nasasakdal ang mga huwes sa pagiging makaisang panig sa isang kaso.

Anong mga katangian ang inyong dapat pinahalagahan sa isang Huwes?

Ang Komisyon ng California sa Ebalwasyon ng mga Nominadong Huwesat Komiteng Panghusgado ng Bar Association ng San Francisco ay sinusuri ang mga kandidatong huwes nang maigi para sa mga katangiang pinakahahalagahan sa isang huwes, kabilang na ang sumusunod:

- Integridad
- Kakayahang Intelektwal
- Karanasan sa Ligal
- Abilidad ng Pampropesyunal
- Industriya (not sure what this means; baka industrious. If industrious, translation is masipag)
- Temperamenteng Panghusgado
- Pagiging Desisibo
- Kakayahang pangibabawan ang mga personal na mga pagkiling
- Pagrespeto sa Komunidad